SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG DISYEMBRE 09, 2024, LUNES, IKA-09:45 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

SANGGUNIANG BAYAN Santa Cruz, Laguna RECORDED 09 JAN 2025

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN STA. CRUZ, LAGUNA RELEASED NAME DATE 01/13/25 TIME

**KAPASIYAHAN BLG. 477-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 77-T2024/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 77-T2024 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG TATLUMPU'T TATLONG LIBO LIMANG DAAN LIMAMPU'T WALONG PISO AT APATNAPUNG SENTIMOS (P33,558.40) PARA SA ISANG BAHAGDANG (1%) PONDO PARA SA SENIOR CITIZENS AT PERSONS WITH DISABILITY NG BARANGAY POBLACION V.**

**SAPAGKAT**, may mga binalangkas na programa, proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng Poblacion V para sa Senior Citizens at Persons With Disability sa taong 2025;

**SAPAGKAT**, ang mga nasabing programa, proyekto at gawain, ayon sa pagsusuri ay tumutugon sa pangangailangan para sa Senior Citizens at Persons With Disability ng nabanggit na barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Laura P. Obligacion, Kgg. Mark Anthony M. Juangco at Kgg. Alan T. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 77-T2024/ Kautusan sa Paglalaan Blg. 77-T2024 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P33,558.40 mula sa Isang Bahagdan (1%) Pondo para sa Senior Citizens at Persons With Disability ng Barangay Poblacion V.

**INIUUTOS** : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Poblacion V, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Disyembre 09, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

1/7/25

LAM/CEL 24

ID025 028